SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG ABRIL 12, 2021, LUNES, IKA-09:23 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Louie C. De Leon | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Efren L. Diaz | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ..... | Kagawad/ABC Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

RECORDED By: Date: 03 MAY 2021 Sangguniang Bayan Office Santa Cruz, Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN RELEASED NAME DATE 5-4-21 TIME STA. CRUZ, LAGUNA

**KAPASIYAHAN BLG. 224-T2021**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 74-T2020/ KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 21-T2020 NG SANGGUNIANG BARANGAY NA NAGKAKAHALAGA NG DALAWANG DAAN APATNAPU'T LIMANG LIBO ANIMNARAAN LIMAMPU'T DALAWANG PISO AT WALUMPU'T LIMANG SENTIMOS (P245,652.85) PARA SA LIMANG BAHAGDAN (5%) GENDER AND DEVELOPMENT (GAD) FUND NG BARANGAY SANTO ANGEL CENTRAL.**

**SAPAGKAT,** iniliwat ng Lupon sa Pananalapi ng pamahalaang bayan ang Kapasiyahan Blg. 74-T2020 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 21-T2020 ng Barangay Santo Angel Central na naglalayong makapagpatibay ng 5% Gender and Development (GAD) Fund ng nabanggit na barangay;

**SAPAGKAT**, ito ay napaliwat sa mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affairs ng Sangguniang Bayan para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKAT,** matapos na ito ay matalakay at malaman ng mga kasapi ang mga pangunahing pangangailangan ng barangay na paglalaanan ng naturang pondo ay ipinasya ng Tagapamuno ng naturang lupon na irekomenda ang pagpapatibay nito.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kagalang-galang Louie C. De Leon (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan ng lahat ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 74-T2020/ Kautusan sa Paglalaan Blg. 21-T2020 ng Sangguniang Barangay na nagkakahalaga ng P245,652.85 para sa limang bahagdan (5%) Gender and Development (GAD) Fund ng Barangay Santo Angel Central.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay ng Santo Angel Central, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Abril 12, 2021**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA TERESA ROBLES-LABOG**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan
4/29/21